



Seattle Office of Labor Standards Domestic Workers Ordinance

Modelong Abiso ng mga Karapatan at Impormasyon sa Suweldo

Ang mga nagpapatrabaho o nagbabayad para sa mga serbisyo ng domestic worker na saklaw ng Domestic Workers Ordinance (Ordinansa para sa mga Manggagawa sa Tahanan) ay hinihikayat na ipamahagi ang modelong abiso na ito sa kanilang manggagawa, sa wikang pinakakomportableng ginagamit ng manggagawa. Ang abisong ito ay hindi inilaan bilang legal na payo at hindi gumagawa ng kontrata sa Lungsod ng Seattle.

PETSA NG ABISO ____ / ____ / ____ PANGALAN NG MANGGAGAWA _____

PANGALAN NG HIRING ENTITY _____ TELEPONO O EMAIL NG HIRING ENTITY _____

ADDRESS NG HIRING ENTITY _____



KARAPATAN SA MINIMUM NA KOMPENSASYON

May karapatan kang kumita nang hindi bababa sa minimum na sahod sa Seattle.

Ang rate kada oras ng iyong suweldo ay: \$ _____ / oras.

Babayaran ka sa: _____

(halimbawa, sa katapusan ng bawat araw ng paggawa, tuwing Biyernes, kada 2 linggo tuwing Martes, atbp.)

Pagkwalipika para sa Overtime: Lagyan ng Check kung saan Angkop

- Hindi ka kwalipikado para sa overtime.
- Ikaw ay empleyadong "kwalipikado para sa overtime," ibig sabihin, may utang sa iyo na 1.5x ng regular na rate ng bayad para sa mga tinrabahong oras na lampas sa 40 sa isang linggo ng trabaho.

MINIMUM NA SAHOD KADA ORAS



Upang hanapin ang kasalukuyang minimum na sahod sa Seattle at alamin pa ang tungkol dito, bumisita sa: seattle.gov/domestic-workers o i-scan ang QR code na ito

** Kung ikaw ay empleyado, dapat kang bigyan ng iyong employer ng impormasyon tungkol sa kanilang patakaran sa tip

Lagyan ng check kung nakalaki



KARAPATAN SA MGA PAHINGA

Para sa bawat apat na oras na tinatrabaho mo para sa isang hiring entity, may karapatan ka sa may bayad at walang abalang 10 minutong pahinga sa pagtatapos ng ikatlong oras ng trabaho.

Mga Pahinga: Lagyan ng Check kung saan Angkop

- Makakapagpahinga ka nang may bayad at walang abala.
- Makakapagpahinga ka habang nananatili sa lugar ng trabaho at kailangan mong bumalik sa trabaho kapag ipinatawag ka. Kung responsibilidad mo ang kalusugan at kaligtasan ng isang taong nasa ilalim ng iyong pangangalaga, maaaring makaligtaan mong magpahinga dahil sa iyong mga tungkulin. Sa mga ganitong pagkakataon, babayaran ka ng dagdag na suweldo para sa 10 minuto, o \$ _____, para sa bawat pahingang makakaligtaan.
- Dahil sa iyong mga tungkulin, imposible o hindi kayang magpahinga nang walang abala nang hindi nailalagay sa panganib ang kalusugan at kaligtasan ng mga taong nasa ilalim ng iyong pangangalaga. Babayaran ka ng dagdag na suweldo para sa 10 minuto, o \$ _____, para sa bawat apat na oras na tinrabaho.

MGA KAILANGAN PARA SA PAHINGA:

- Sa tulong ng break na ito, makakapagpahinga at makakapagpasya ka nang personal kung paano mo gustong gugulin ang iyong oras.
- Maaaring hilingin sa iyo na manatili ka sa lugar ng trabaho at bumalik sa trabaho kapag ipinatawag, ngunit bukod rito, hindi mo muna gagawin ang iyong mga tungkulin.
- Kung maabala man ang iyong pahinga ng employer o mga gawain mo, sisimulan ulit ang break hanggang sa makabuo ka ng tuloy-tuloy na 10 minutong break.

*Paalala: Ang mga manggagawang direktang pinagtatrabaho ng isang hiring entity ay maaaring kwalipikado para sa mga karagdagang lokal at pang-estadong pamantayan sa paggawa, tulad ng Paid Sick and Safe Time (Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan). Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng empleyado sa www.seattle.gov/laborstandards.



KARAPATAN SA ORAS NG PAGKAIN

Para sa bawat limang oras na tinatrabaho mo para sa isang hiring entity, may karapatan ka sa walang abalang 30 minutong oras ng pagkain sa pagtatapos ng ikalimang oras ng trabaho.

Mga Oras ng Pagkain: Lagyan ng Check kung saan Angkop

- Sa iyong oras ng pagkain, hindi mo muna gagawin ang lahat ng iyong tungkulin. Makakatanggap ka ng walang bayad na oras ng pagkain. Maaari mong i-waive ang walang bayad na oras ng pagkain. Tingnan ang kahong nasa gilid para sa mga kailangan sa waiver.
- Sa iyong oras ng pagkain, kailangan mong manatili sa lugar ng trabaho at bumalik sa trabaho kapag ipinatawag, ngunit bukod rito, hindi mo muna gagawin ang iyong mga tungkulin. Makakatanggap ka ng may bayad na oras ng pagkain. Hindi mo maaaring i-waive ang may bayad na oras ng pagkain.
- Responsibilidad mo ang kalusugan at kaligtasan ng isang miyembro ng sambahayan, ngunit makakatanggap ka dapat ng may bayad na oras ng pagkain. Sa mga araw na makaligtaan mo ang iyong oras ng pagkain dahil sa mga tungkulin mo, dapat kang bayaran ng dagdag na suweldo para sa 30 minuto, o \$ _____, para sa bawat nakaligtaan oras ng pagkain.
- Dahil sa iyong mga tungkulin, imposible o hindi kayang kumain nang walang abala nang hindi nailalagay sa panganib ang kalusugan at kaligtasan ng mga taong nasa ilalim ng iyong pangangalaga. Babayaran ka ng dagdag na suweldo para sa 30 minuto, o \$ _____, para sa bawat limang oras na tinrabaho.

MGA KAILANGAN PARA SA ORAS NG PAGKAIN:

- Sa tulong ng oras ng pagkain na ito, makakapagpahinga at makakapagpasya ka nang personal kung paano mo gustong gugulin ang iyong oras.
- Kung maabala man ang iyong oras ng pagkain ng employer o mga gawain mo, sisimulan ulit ang oras ng pagkain hanggang sa makabuo ka ng tuloy-tuloy na 30 minutong break.

IWE-WAIVE ANG ORAS NG PAGKAIN O ARAW NG PAHINGA?

- Ang waiver na ito ay boluntaryo dapat at para sa kapakanan ng manggagawa.
- Dapat ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga karapatang iwaive mo at ang mga kahihinatnan ng pag-waive.
- Nakalagay dapat sa iyong waiver ang (mga) petsa ng pagkabisa ng waiver.
- May karapatan kang ipawalang-bisa ang waiver na ito anumang oras.



KARAPATAN SA ARAW NG PAHINGA

Kung magtatrabaho ka nang 6 araw na magkakasunod, at nakatira o natutulog ka sa iyong pinagtatrabahuhang lugar, may karapatan ka sa walang bayad na 24 oras na pahinga.

- Ituturing bilang isang araw ng trabaho ang gaano man karaming trabahong ginawa sa loob ng 24 oras.
- Sa loob ng 24 oras na pahingang ito, dapat ay hindi mo muna gagawin ang iyong mga tungkulin, hindi ka aataasang manatili sa lugar ng trabaho, at hindi mo rin kailangang bumalik sa trabaho kapag ipinatawag ka.
- Maaari mong i-waive ang araw ng pahinga. Tingnan ang kahong nasa gilid para sa mga kailangan sa waiver.



KARAPATANG MAGTABI NG MGA PERSONAL NA DOKUMENTO

May karapatan kang itabi ang iyong mga orihinal na dokumento at personal na item.



IPINAGBABAWAL ANG PAGGANTI

May karapatan kang hindi makaranas ng pagganti. Illegal para sa hiring entity ang magsagawa ng masa-mang aksiyon (hal. pagsisante, pag-demote, at pagbantang iuulat ang katayuan sa imigrasyon) laban sa iyo dahil sa paggamit ng mga karapatang pinoprotektahan ng Seattle Labor Standards (Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle).

MAY TANONG O REKLAMO?

Upang magtanong o maghain ng reklamo, makipag-ugnayan sa: **Seattle Office of Labor Standards (Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle) sa (206) 256-5297** o pumunta sa www.seattle.gov/laborstandards.

Libre ang lahat ng kanilang serbisyo. Magbibigay sila ng libreng interpretasyon ng wika. Hindi nila kailanman tatanungin ang iyong katayuan sa imigrasyon.

MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL

May karapatan din ang mga Domestic Worker na hindi makaranas ng seksuwal na panggigipit, pagganti, at diskriminasyon sa ilalim ng Seattle's Fair Employment Practices Law (Batas sa mga Patas na Kasanayan sa Pagtatrabaho ng Seattle).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa karapatang ito, makipag-ugnayan sa: **Seattle Office for Civil Rights (Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Seattle) sa (206) 684-4500** o pumunta sa www.seattle.gov/civilrights.